

# Para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan

日本に暮らす外国人のみなさんへ (タガログ語)

## Bilang tugon sa pagkalat ng novel coronavirus, ang bansang Japan ay nagdeklara ng state of emergency.

現在、新型コロナウイルスの流行に伴い、緊急事態宣言が出ています。



Ugaliing huwag lumabas maliban na lang kung ikaw ay bibili ng mga kagamitang importante sa pang-araw-araw na pamumuhay o kung kinakailangan magpunta ng ospital para sa iyong regular na check-up.

日用品の買い物、定期的な通院以外の外出は控えてください。



Iwasan ang mga sumusunod na sitwasyon

1. Mga lugar na walang angkop na bentilasyon
2. Mga matataong lugar
3. Mga sitwasyon na nangangailangan nang malapitang pakikipag-ugnay tulad ng malapitang pakikipag-usap

「換気の悪い密閉空間」「多くの人が集まる密集場所」「近距離での会話や発生のある密接場所」を避けてください。

## Kung walang iniindang sintomas tulad ng lagnat o ubo, maaari kang lumahok sa mga sumusunod na gawain.

熱や咳などの症状が無い場合には、以下の活動は可能です。




Mamili ng mga kagamitang importante sa pang-araw-araw na pamumuhay

必要な日用品の買い出し



Magpunta sa ospital para sa regular na check-up

医療機関への通院



Maglakad lakad ng isang beses kada araw (iwasan ang matataong lugar)

1日1回程度の散歩 (人混みは避ける)

May mga nagsasabing maaaring makahawa ang isang taong positibo sa novel coronavirus kahit na ito ay walang iniindang sintomas. Kaya, kahit na ika'y walang iniindang sintomas, iwasan ang paglabas maliban na lang kung talagang kinakailangan o may emergency. **Iwasan din ang pagbiyahe patungo sa ibang prefecture dahil maaari itong maging sanhi ng pagkalat ng virus sa iba pang bahagi ng Japan.**

新型コロナウイルスは、無症状でも他の人にうつしてしまう可能性があると言われています。現在、仮に症状がなくても、不要不急の外出は避けてください。また、都道府県を超えて移動をしてしまうと、現在新型コロナウイルスが流行していない地域で感染の流行を拡大させてしまう恐れがあります。当面の間は旅行などは控えましょう。